Pag-Unawa sa MGA REFINERY FLARE

Bakit nangyayari ang mga ito?

Maaaring magkaroon ng flaring mula sa pag start-upo pag-shut down ng mga unit, o kapag may aksidente o problema.

Paano ako napoprotektahan?

Ang mga regulasyon ng Air District tungkol sa flare ang mga una at pinakakomprehensibong patakaran sa flare sa bansa. Dinisenyo ang mga regulasy on upang limitahan ang dalas at tindi ng mga kaganapan ng pag-flare (Rule 12-12) at upang i-monitor ang mga flare (Rule 12-11).

Pinoprotektahan ng dalawang patakarang ito ang kalusugan ng mga residenteng nakatira malapit sa mga refineries at pinapababa nito ang mga pangkalahatang antas ng air pollution sa Bay Area.

Ano ang mga ito?

Ang mga refinery flare ay mga safety devices na sumusunog sa mga pollutants upang maiwasang mapakawalan ang mga ito direkta sa atmospera.

INAATASAN NG MGA PATAKARANG ITO NA GAWIN NG MGA REFINERIES ANG MGA SUMUSUNOD:

- Kaagad na abisuhan ang Air District kung may flaring na nagaganap
- I-monitor ang dami at komposisyon ng mga gas na nasunog sa mga flare
- Kalkulahin ang mga emisyon batay sa nakolektang data
- Tukuyin ang mga dahilan ng pag-flare at magsagawa ng mga hakbang sa pagpigil upang maiwasang mangyari itong muli
- Tuluy-tuloy na i-monitor at itala ang mga flare
- I-submit ang mga data sa Air Disrict buwan-buwan

SA PAMAMAGITAN NG PAGKAKAROON NG MAS MAHUHUSAY NA KAUGALIAN AT KAGAMITAN SA PAGPAPATAKBO, NABAWASAN NA NANG **75** PORSYENTO ANG MGA EMISYON MULA SA FLARE.

Bay Area Air District
CLEAN AIR FOR ALL

KARANIWANG SISTEMA NG FLARE



SUSI

Normal na proseso para sa mga sobrang gas

Ruta ng gas kapag may flaring na nangyayari